IMEE TATAKBONG SENADOR, HINDI MAYOR NG MAYNILA PAHINA 4


# Publiko NEWS PUBLISHING

Impormasyon at Dokumentaryo

VOL.I NO.47 * HULYO 1-7, 2024 * P20.00









# DUTERTE SASAMPAHAN ULIT NG KASONG PLUNDER

PUBLIKO REPORTORIAL TEAM

**ERMITA, Manila — Sasampahan ngayong linggo ng kasong plunder ni dating senador Antonio 'Sonny' Trillanes IV si ex-president Rodrigo Roa Duterte sa tanggapan ng Ombudsman kaugnay ng ilang infrastructure project na kung saan nakinabang ang dating pangulo ng aabot sa walong bilyong piso noong naroroon pa siya sa Malakanyan.**

Ito ang naging bahagi ng mga pahayag ni Trillanes sa Kapihan sa Manila Hotel breakfast forum na kung saan nanawagan din siya sa iba't ibang grupo—political, oposisyon at kaalyado ng mga Marcos tulad ng mga miyembro ng Pink Movement at mga Dilawan—upang magkaisang pigilan ang tangka ng mga Futerte na makabalik sa kapangyarihan sa pamamagitan ng plano ng pamilya na lumahok sa midterm elections sa susunod na taon. *(sundan sa pahina 2)*

## RABIYA MATEO NABIKTIMA NG SCAM



**SA ulat ni Aubrey Carampel sa '24 Oras', napagalamang na-scam pala si Miss Universe Philippines 2020 ng isa nitong kaibigan.**

Ayon kay Rabiya, inaya siyang mag-invest at habang naging maganda naman ang kanilang transaksyon sa simula, bigla na langnagbago at naging baligtad ang situwasyon kaya hindi pa nakakabawi ang Sparkle actress sa inalagak niyang malaking investment. *(sundan sa pahina 4)*

## 'HINDI SISIMULAN NG 'PINAS ANG DIGMAAN' –PBBM

PAHINA 2

## ONLINE VOTING AT COUNTING SYSTEM IKAKASA NG COMELEC

PAHINA 2

## PAMAMAHAGI NG CASH INCENTIVE NG MGA GRADUATE SA NAVOTAS SISIMULAN NA

PAHINA 3




## IPATUPAD ANG BATAS LABAN SA MGA PRODUKTONG MAY LASON

**EAST AVENUE MEDICAL CENTER, Lungsod Quezon — Dapat simulan ang pag-iwas sa lason sa sariling tahanan at komunidad, ayon sa non-government organization (NGO) na BAN Toxics.**

Ito ang pangunahing mensaheng hinahatid ng grupo sa pamumuno ni Thony Dizon, na tumatayong advocacy at campaign officer ng BAN Toxics. *(sundan sa pahina 2)*

EDITORIAL

# PAMUMULITIKA

**KASUNOD ng paglisan niya sa Gabinete ni Pangulong Bongbong Marcos Jr. nang walang paliwanag at sa gitna ng kanyang pangakong pagtuunan ng pansin ang transisyon sa kagawaran ng edukasyon, sinimulan na ni Vice President 'Inday' Sara Duterte-Carpio ang pamumulitika**.

Sa sidelines ng 'Pride Reception na inisponsoran ng Office of the Vice President sa Limketkai Luxe Hotel sa Sa Cagayan de Oro, hinayag ng anak ni dating Pangulong Rodrigo Duterte na ang kanyang ama at mga kapatid na sina Paolo and Sebastian ay "naiinip nang tumakbo" sa inaabangang senatorial derby sa susunod na taon.

Kasalukuyang kinatawan ng Unang Distrito ng lungsod ng Davao si Paolo habang ang nakababatang kapatid ng pangalawang pangulo na si Sebastian o Baste ay nanunungkulan bilang punong ehekutibo ng Davao City.

Idinagdag ni Inday Sara na "ang kanyang ina ang nagsabing tatakbo si Baste bilang senador (sa 2025) bago tumakbong president sa 2028."

Sinabi rin nito na nagging payo ng kanyang ina na bumalik ng Davao City upang magbalikna alkalde ng lungsod.

Noong Hunyo 19, nagbitiw si Sara bilang kalihim ng edukasyon. Nagbitiw din siya bilang vice chairperson ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NRF-ELCAC).

Ayon naman sa kritiko ng mga Duterte na si Antonio Montalvan, ang game plan na hinayag ng Bise Presidente ay tangka na "mapabalik ang kanilang naglalahong impluwensya at kapangyarihan."

"They don't care about (being seen in a) blatant display of power, and (the) Dutertes don't have morality in their vocabulary," punto ni Montalvan.

# MGA ATLETANG PINOY HANDA NA SA OLIMPYADA

MAYPAJO, Lungsod Kalookan — Mahihigitan ng Philippine delegation para sa XXIII Paris Olympics ang 20-athlete mark sa pagpasok ng mas marami pang mga qualifiers sa athletics, golf at swimming.

Ayon kay Philippine Olympic Committee (POC) president Abraham 'Bambol' Tolentino, nagsimula na ang training camp para sa ating mga atleta na lalahok sa Olimpyada ngayong taon kaya nga masasabi niyang "the Paris campaign (ng Pilipinas) is now in full throttle."

Dumating ang mga Olympic hopeful ng bansa sa training camp sa Metz, France nitong Hunyo 23 at nakapag-settled in na ang mga ito sa klima ng Paris at nagumpisa nang maghanda sa mga kompetisyon sa kani-kanilang disiplina sa palakasan.

"It's all systems go here at La Moselle and the morale of the team is very high," ani Tolentino.

Kabilang sa mga naunang batch na dumating sa Metz ay ang mga weightlifter na sina Vanessa Sarno, John Ceniza at Elreen Ando; mga boksingerong Aira Villegas, Hergie Bacyadan, Carlo Paalam at Nesthy Petecio; at rower Joanie Delgaco.

Kasama nila si Secretary-General Wharton Chan at gayun din ang kanilang mga coach at trainer at ang POC staff na nagtakda ng pasilidad bago pa dumating ang team para magsanay.

Kasunod ng unang batch, dumating na rin sina boxer Eumir Felix Marcial, fencer Samantha Catantan at mga gymnast na sina Carlos Yulo, Emma Malabuyo at Levi Ruivivar.

"The athletes are excited and enthusiastic about this training camp, the main objective of which is to make sure our athletes are in top shape for the competitions," punto ni chef de mission Jonvic Remulla.

Ito ang unang pagkakataon na nagsasagawa ang POC ng isang training camp para sa ating mga Olympic athlete isang buwan bago pasimulan ang Olympic Games sa Hulyop 26. ***(Heidi Nicodemus)***

# 'HINDI SISIMULAN NG 'PINAS ANG DIGMAAN' –PBBM

**MALAKANYAN, Maynila — Hinayag ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na hindi magpapatinag ang Pilipinas sa alin mang 'foreign power' makaraang masugatan ang ilang Pilipinong naval personnel at mapinsala ang dalawang navy boat ng mga Intsik gamit ang mga machete, palakol at martilyo sa isang engkuwentro sa West Philippine Sea (WPS) na bahagi ng pinag-aagawang mga teritoryo sa South China Sea (SCS).**

Idinugtong din naman na kalian ma'y hindi paninimulan ng Pilipinas ang isang digmaan.

Lumipad ang punong ehekutibo kasama ang kanyang mga pangunahing heneral at defense chief sa kanlurang isla ng Palawan, na nakaharap sa South China Sea, upang katagpuin at pagkalooban ng mga medalya ang mga sundalong Pilipino na sinalakay ng Chinese Coast Guard (CCG) noong Hunyo 17, 2024, habang nagde-deliver ng pagkain at iba pang mga supply sa outpost sa Second Thomas Shoal.

Nakita sa mga video at larawan ng engkuwentro habang sinasalakay ng CCG personnel ang isang Philippine Navy vessel at inagaw pa ang isang bag.

Ayon sa Beijing, kinailangang gawin ito ng kanilang coast guard dahil sinuway ng puwersa ng Pilipinas ang kanilang mga babala na gumawi sa kanilang offshore territory.

Nagbunsod ang komprotasyon ng matinding pagkondena at pagkabahala mula sa Estados Unidos, European Union, Japan, Australia at iba pang mga Western at Asian nation, habang nagsisisihan ang China at Pilipinas sa isa't isa sa pagsisimula ng insidente.

Samantala, hinayag naman ng mga military adviser ni Pangulong Marcos Jr. na wala silang plano na gamitin ang mutual defense treaty ng bansa sa mga Amerikano.

"We are not in the business to instigate wars. In defending the nation, we stay true to our Filipino nature that we would like to settle all these issues peacefully," punto nito. ***(Ed Dayot)***



# ONLINE VOTING AT COUNTING SYSTEM IKAKASA NG COMELEC



**INTRAMUROS, Maynila — Nakipagkasundo ang Commission on Elections (Comelec) sa isang joint venture sa SMS Global Technologies (SMSGT) at Sequent Tech Incorporated (STI) para sa kauna-unahang online voting at counting system (OVCS) na lalahukan ng mga overseas voter.**

Ang nasabing joint venture ang nagtala ng pinakamababang calculated bid para sa procurement ng OVCS sa apat na mga bidder para sa midterm elections sa susunod na taon. Ayon sa Comelec, ang naging bid ng kompanya ay P112 milyon lamang, na mas mababa sa inilaang budget na P465.8 million para sa pagbili ng OVCS.

Ayon kay Comelec chairman George Erwin Garcia, makakahimok ang online voting para sa mas maraming Pilipinosa ibang bansa na bumoto at makapamili ng kani-kanilang ihahalal na opisyal sa 2025 elections.

"Kung paano po natin inaayos ang pagboto sa ating mga kababayan dito sa ating bansa, ganyan din dapat ang maiparanas natin sa mga kababayan natin abroad," kanyang pinunto.

Gayun man, inamin din ng Comelec chairman na, hanggang ngayon, mayroon pang ilang mga Pilipino ang hindi pa nagpaparehistro para makaboto, na ang malimit na dahilan ay dahil malayo ang kanilang kinaroroonan sa embahada ngh bansa.

"Ipinaliwanag namin na walang relasyon ang status niyo sa bansang 'yan, sa status niyo bilang Pilipino para makaboto. Makakaboto kayo kahit na undocumented kayo, kahit na NPA (no permanent address) kayo," dagdag ni Garcia.

Labisd pa rito, tiniyak nito sa publiko ang seguridad at reliability ng OVCS.

"Naniniwala po tayo sa makabagong teknolohiya na mayroon tayo sa kasalukuyan tulad ng internet banking, tulad ng tinatawag natin na pagbabayad ng mga bills using the internet, wala naman pong pinagkaiba 'yung dito po sa internet voting," aniya.

"Nag-comply fully itong joint venture sa ni-prescribe naming terms of preference," sabi pa ng opisyal. ***(Noel Lontoc)***

# NADUDUWAG BA SI 'BATO'?

*Democracy must be built through open societies that share information. When there is information, there is enlightenment. When there is debate, there are solutions. When there is no sharing of power, no rule of law, no accountability, there is abuse, corruption, subjugation and indignation.*

**— Former Kosovo president Atifete Jahjaga**

MAYPAJO, Lungsod Kalookan – Hindi raw dadalo ang dating matikas na hepe ng Philippine National Police noong termino ni Pangulong Rodrigo Duterte at kasalukuyang senador Ronald 'Bato' Dela Rosa sa imbestigasyon ng Kamara de Representante sa madugo giyera kontra droga ng dating administrasyon.

HInayag ito ni Dela Rosa habang ikinatuwiran na ang kanyang desisyon ay bunsod ng payo ni Senate President Francis 'Chiz' Escudero.

Bukod dito, sinabi rin nito na hindi pa siya nakakatanggap ng imbitasyong dumalo sa imbestigasyon mula sa Mababang Kapulungan.

Punto ni Dela Rosa: "I sought the advice of the Senate President on what to do. I don't have any problems, I can face them anytime. But still, I have to follow the guidance of the Senate President being a member of the institution, the Senate of the Philippines. I need to follow his guidance."

"His answer was, 'No, you don't have to attend' because there are discussions in the Senate that every time a senator's name pops up in their hearing, we will break up the so-called inter-parliamentary courtesy. What can senators do? There are only twenty-four of us, if we just attend their hearing, we can't do anything in our legislative function," dagdag pa ng dating magiting na PNP chief.

Bukod sa paglilinaw kung bakit hindi siya dadalo sa House probe sa drug war ni FPRRD, mas makakabuti umano na yaong nananawagan para sa kanilang accountability na maghain na lang ng kaso laban sa kanila sa nararapat na forum.

"We are ready to face any court here in the Philippines. It's not about sentiment, it's about evidence. We will base it on evidence, not sentiment. If you have evidence, [file] a case in court," pagdidiin ni Dela Rosa.

Ganyan katapang ang dating hepeng pambansang pulisya. ***(Cip D.C. Cabrera)***


**Publiko NEWS PUBLISHING**

***Impormasyon at Dokumentaryo***

**PUBLIKO NEWS PUBLISHING is a weekly newspaper in general circulation, published evey Monday. This publication is under the management of MARK ANTHONY B. CAIÑA, the Publisher/ Editor-in-Chief.**

**This publication is duly registered under DTI No. 5190105 (National).**

**Advertising/ Sales and Editorial Office is located at 109 P. Zamora St., Brgy. 15, District II, Caloocan City, Metro Manila.**

# MAYOR GUO, 13 PA, SINAMPAHAN NA NG KASONG HUMAN TRAFFICKING



**BAMBAN, Tarlac — Nagsampa na ang Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) at ang Presidential Anti-Organized Crime Commission (PAOCC) ng kasong nonbailable qualified human trafficking laban kay Bamban, Tarlac mayor Alice Guo batay sa sinasabing kaugnayan niya sa iligal na Philippine offshore gaming operator (POGO) hub sa kanyang munisipalidad.**

Isinumite ng PNP-CIDG at PAOCC ang reklamo sa Department of Justice (DoJ) kasama ang dalawang cardboard storage box na naglalaman ng mga ebidensya laban sa sinsupinding lokal na opisyal at 13 pang mga respondent.

Batay sa nabanggit na mga ebidensya, kinasuhan si Guo, na kilala din bilang 'Guo Hua Ping', at ang ibang mga respondent ng paglabag sa Republic Act No. 9208, o ang Anti-Trafficking in Persons Act.

Inuugnay si Guo sa tinukoy na "grand conspiracy to commit labor trafficking" ng mahigit sa 500 mga foreign POGO worker na naligtas sa isang raid sa isang compound noong Marso 13, 2024.

Isinagawa ito ng mga awtoridad batay sa ulat ng Malaysian Embassy na isa nilang kababayan ang nakadetine at puwersahang pinagtatrabaho sa sa loob na isa sa 36 na mga multistory building ng POGO sa Sitio Pagasa sa Barrio Anupul sa Bamban.

Ayon kay PAOCC spokesperson Winston Casio, kabilang sa mga naligtas na mga POGO Pogo worker ang 427 Chinese, 57 Vietnamese, walong Malaysian, tatlong Taiwanese, dalawang Indonesians at dalawa ding Rwandan national.

Ang iba pang mga respondent sa hinaing reklamo ng CIDG at PAOCC ay sina dating opisyal at pork barrel scam convict Dennis Cunanan at mga kasabwat na sina Zhang Ruijin, Baoying Lin, Rachelle Joan Carreon, Huang Zhiyang, Thelma Laranan, Rowena Evangelista, Rita Yturralde, Merlie Joy Castro, Yu Zheng Can, Jaimielyn Cruz, Roderick Paul Pujante at Juan Miguel Alpas. ***(Ric Sakai III)***

# PAMAMAHAGI NG CASH INCENTIVE NG MGA GRADUATE SA NAVOTAS SISIMULAN NA



**NAVOTAS, Kalakhang Maynila — Inilabas na ng Navotas City ang schedule para sa pagtanggap ng mga cash incentive para sa mga elementarya at senior high school graduate ng mga pampublikong paaralan sa lungsod.**

Sa ilalim ng nasabing programa, makakatanggap ang bawat nagtapos ng Grade 6 ng tig-P500 habang ang mga Grade 12 graduate naman ay bibigyan ng tig-P1,000.

Ayon kay Navotas City mayor John Rey Tiangco, sisimulan ang pamamahagi ng cash incentive ngayong araw ng Hunyo 26 hanggang 27 sa iba't ibang eskuwelahan sa lungsod.

Pinaalalahanan ni Tiangco na upang matanggap ang insentibo, kailangang magprisinta ang estudyante ng photocopy ng kanyang diploma, identification card, birth o baptismal certificate at ang NavoRehistro QR code.

Sa kabilang dako, kung isa namang kinatawan ang nais kumuha ng cash incentive, bukod sa nabanggit na mga requirement, kailangang magprisinta ng authorization letter na may pangalan at lagda ng graduate. Kailangan ding nakalagay dito ang relasyon ng claimant at may kasama ding photocopy ng valid identification card ng magulang, guardian o kinatawan ng nagtapos na mag-aaral. ***(Tracy Cabrera)***

# PAG-ABSUWELTO KAY DE LIMA MALAKING PAGKAKAMALI

**ISANG malaking pagkakamali ang naging desisyon ng korte na ipawalang sala si dating Justice secretary at senadora Leila De Lima, ayon sa dating presidential spokesperson at chief legal counsel ni ex-president Rodrigo Duterte na si Atty. Salvador Panelo.**

Ayon kay Panelo, may palaisipan sa pagkatig ng korte sa recantation ng mga testimonya laban kay De Lima kahit wala naming ebidensya na ang mga testigo ay nagbigay ng nauna nilang mga pahayag sa ilalim ng duress o coercion, mga pagbabanta o psychological pressure.

Punto ng abogado, "walang katibayan prinsinta kaya hindi dapat binalewala ang mga naunang testimonya laban sa dating kalihim at bukod pa rito, may mauluhang ebidensya na nasa record para mahutalan ang dating senadora."

Punto ng naging tagapagsalita ni dating Pangulong Duterte: "Kaya nga ang pagbasura sa drug case ni De Lima ay isang malaking paghkakamali dahil salungat ito sa mga katibayabn at jurisprudence."

Nagsilibi si Panelo sa ilalim ng administrayong Duterte, na noong panahong ding iyon ay nahalal si de Lima bilang senadora ng oposisyon kaya pinalilitaw na may kulay ang pagkakaaresto at pagsasampa ng kaso laban sa kanya ukol sa kalakalan ng iligal na droga.

Binigyan puwang ng Muntinlupa City Regional Trial Court (RTC) Branch 206 ang demurrer evidence ng dating senadora para mabasura sa ikatlo at final ang kanyang kaso kinakaharap at makaraang ding mabigo ang prosekusyon na patunayang guilty ang lahat ng mga respondent sa kaso.

Bukod kay De Lima, naabsuwelto rin kasama ng dationg justice secretary sina dating Bureau of Corrections (BuCor) director Franklin Bucayu at dating bodyguard ni De Lima na si Ronnie Dayan at dalawa pang akusado na sina sina Joenel Sanchez at Jad Dera. ***(Willie Caliwan)***

# DUTERTE SASAMPAHAN...

MULA SA PAHINA 1

Partikular na binanggit ng dating senador na kailangang harangin ay ang pagtakbo ng dalawang anak na lalaki ni Duterte na sina Paolo at Sebastian biang senador habang ang anak nitong babaeng kasalukuyang bise presidente na si 'Inday' Sara ay kakandidato upang makabalik bilang alkalde ng lungsod ng Davao.

Bahagyang ikinagulat ito ng mga dumalo ng breakfast forum na pinangasiwaan nina dating senador Joey Lina at Manila Bulletin publisher Sonny Coloma dahil dati nang naghain ng kasong plunder si Trillanes laban kay Duterte kaugnay ng mga ghost employee na pinasok sa city hall noong alkalde siya ng Davao. Dangan nga lang ay pinatigil ang nasabing kaso ng Ombudsman.

Ang himutok ni Trillanes laban sa mga Duterte ay nangangambang magpalaganap ang mga Duterte ng kaguluhan at magpahina ito sa ating pamahalaan lalo na ngayong nahaharap ang bansa sa malalaking problema, partikular na ang panghihimasok ng Chinese Coast Guard (CCG), People's Liberation Army Navy (PLAN) at militia sa mga bahagi ng West Philippine Sea na nakapaloob sa exclusive economic zone (EEZ) ng Pilipinas. Nagresulta na nga ang mga argesibo aksyon ng Chinese sa pagkasugat ng ilang sundalong Pilipino at pagkasira ng dalawang barko ng Philippine Navy (PN).

"Alam naman nating mas panig si 'Digong' (Duterte) sa China kaya maituturing natin na ang pagbalik nila sa puwesto sa gobyerno ay nagbabadya ng hindi maganda para sa kapakanan ng ating bansa at ng sambayanang Pilipino," mariing pinunto ng dating senador.

Sang-ayon naman dito ang political analyst na si professor Edmund Tayao na resource speaker din sa Kapihan at nagbigay linaw sa mga kaganapang politikal sa Pilipinas na ikinakabahala ng maraming sektor sanhi ng hidwaan sa kampo ng nalansag ng UntiTeam ng mga Marcos at Duterte. Sa ngayon ay humiwalay na ang ilan sa kowalisyon at lantaran nang nagdeklara ang mga Duterte na salungat sa administrasyong 'Bongbong' Marcos Jr.

# MGA TIP SA PAG-IWAS SA KANSER








SANTA ANA, Maynila — Isang oncologist, o duktor na kuwalipikadong mag-diagnose at magbigay lunas sa mga tumor, mula sa New York ang nagbigay linaw sa limang pamamaraan na maaaring gawin araw-araw upang maiwasan ang kanser.

Espesyalidad ni Dr. Waqqas Tai ang ukol sa mga kaso ng kanser at madalas siyang nagbibigay ng kanyang payo sa kanyang TikTok account, na kung saan ipinagmamalaki niyang mayroon siyang mahigit 14,500 mga follower.

Kadalasan ay nagbibigay siya ng mga tip para sa mga tao na manatiling malusog sa pamamagitan ng iba't ibang Gawain at aktibidad na magpapahaba ng buhay ng isang indibiduwal.

Sa isang viral video, na sinasabing umani na ng sobra sa 432,000 view, kalian ma'y hindi siya kumukonsumo ng alkohol o red meat upang manatiling malusog.

Dinetalye niya ang limang bagay na kailangan maiwasan ng sinuman—mula sa mga karne hanggang sa obesity—para makatulong sa pagpapahaba ng buhay.

Narito ang mga ito:

- Iwasan ang alcohol
- Huwag kumain ng red o mga deli meat
- Umiwas sa tabako
- Gumamit ng sunscreen
- Mag-ehersisyo

Nilagyan ni Dr. Waqqas ng caption ito na 'Five things I recommend to prevent cancer (Limang bagay na inirerekomenda ko para makaiwas sa kanser)'.

Sinimulan pa niya ito ng: "Here are five things I would never do as a cancer doctor. Number one, smoking tobacco (Narito ang limang bagay na kalian may hindi ko gagawin bilang isang cancer doctor. Una sa lahat, ang gumamit ng tabako)."

Aniya, "Using any tobacco product and vaping is all carcinogenic (ang paggamit ng anumang prodktong mula sa tabako ay carcinogenic)."

Idinagdag pa niya na ang paninigarilyo o pag-vape ay dahilan ng harder build up sa baga, na nagreresulta sa tissue damage at maaari itong humantong sa kanser." ***(Noel Lontoc)***

# IPATUPAD ANG...

MULA SA PAHINA 1

Nakikipagtulungan ang grupo sa East Avenue Medical Center (EAMC) Toxicology Referral and Training Center sa pagdiwang ng National Poison Prevention Week.

Nagsagawa sila ng lecture forum sa nabanggit na ospital na pimagatang "Community and Collaboration: Uniting to Prevent Poisoning." Dinaluhan ito ng may 70 household mula sa iba't ibang barangay sa lungsod.

Ipinaliwanag ni Dizon sa mga dumalo sa kaganapan ang halaga ng mga inisyatibo tungo sa pagbibigay proteksyon sa mga kabataan laban sa exposure sa mga toxic na kemikal. Ibinahagi din saaktibidad ang mga tip kung paano maiiwasan ang pagkalason sa tahanan at paaralan.

"Aside from common household items that are explicitly hazardous, there are also everyday children's items such as toys, school supplies, and care products that may seem harmless but actually contain toxic chemicals," punto ni Dizon.

Tinutukoy ng convenor ng BAN Toxics ang mga produktong pangkabataan na available sa merkado, partikular na sa mga bargain shop, na napagalamang naglalaman ng mga mapanganib na kemikal tulad ng lead (tingga), mercury, cadmium, mga short-chain chlorinated paraffin (SCCP) at gayun din ang mga endocrine-disrupting chemical (EDCs) tulad ng phthalates, triclosan, parabens at iba pa.

"First and foremost, when buying children's products, check the product label and information to verify that no hazardous substances are used. Do not buy products that have no label or information," payo ni Dizon.

"Also, check if the product has been notified by the Food and Drug Administration (FDA) via https://verification.fda.gov.ph. As much as possible, buy from reputable stores that are duly registered," dagdag pa nito.

Sa huli, sinabi ng BAN Toxics na kailangang paigtingin ng pamahalaan ang inisyatibo nito na mapigilan ang produksyon at pag-aangkat ng ng mga children's product na naglalaman ng mga mapanganib na kemikal dahil obligasyon ng gobyerno na mapangalagaan ang kalusugan ng publiko at mamamayan. Hiniling ng NGO na pangunahan ang pagpapatupad ng 'Safe and Non-Hazardous Children's Products Act' na isinabatas noong panahon ni dating pangulong Rodrigo Duterte.

"Children are the most vulnerable members of our society, and it is everyone's duty to safeguard them from toxic and poisonous chemicals," pagtatapos nito.

# SINO NGA BA...

MULA SA PAHINA 4

Tinanong ni Hontiveros si NBI Central Luzon regional director Jerry Abiera kung may posibilidad na ang dalawang Alice Guo ay pinagpalit ang kanilang pagkilanlan o nagkaroon ng computer glitch sa NBI system.

Tinugon naman ito ni Abiera na habang hindi nila madetermina kung bakit may dalawang Alice Guo sa kanilang record na may magkahintulad na identity, pinaliwanag niyang maaaring nangyari to sa proseso ng pagkuha ng NBI clearance.

Paglilinaw ng opisyal ng NBI: "A-apply ka ng clearance online tapos babayaran mo, magkakaroon ka ng schedule, pupunta ka sa office mismo para kuhanan ka ng picture atsaka biometrics. Ngayon dahil ('iyong babaeng nasa document) ang nag-appear d'yan, i-presume natin na siya mismo ang nagpunta sa office."

Gayun man, idinagdag nito na maaari paring malaman kung magkaiba silang indibudwal sa pamamagitan ng pagsuri ng kanilang mga fingerprint.

Oo nga naman . . . ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***

VOL.I NO.47 * HULYO 1-7, 2024

Publiko

i NEWS

PUBLISHING

PUBLIKO NEWS PUBLISHING IS A WEEKLY NEWSPAPER IN GENERAL CIRCULATION, PUBLISHED EVERY MONDAY.

PUBLIKO NEWS PUBLISHING accepts contributions from anyone who may want to share their opinions, stories, experiences and other interesting matters.

All articles submitted to PUBLIKO NEWS PUBLISHING are those of author's opinions and do not constitute our endorsement nor reflect the views of the Publisher. Email us at publiko.news@gmail.com

PUBLIKO NEWS PUBLISHING does not warrant or assume any expressed therein by the authors, writers or contributors. All articles are subject to editing to comply with the editorial policies and directions of this publication.

Materials here may not be reproduced, copied in any form of by any means without written permission from the Publisher.

The opinions and ideas expressed by the writers or contributors do not reflect the opinion of this publication and its management.

# 6 NA LEDAC PRIORITY MEASURE UUNAHIN SA PAGBABALIK NG SENATE SESSION

**SAN FERNANDO, Pampanga — Tiniyak ni Senate President Francis 'Chiz' Escudero na ipaparayoridad sa Mataas na Kapulungan ang pagpasa ng anim na mga priority bill na naka-pending sa Legislative Executive Development Advisory Council (LEDAC).**

Sa panayam, sinabi ni Escudero na ang nasabing mga panukalang batas ay uunahin sa pagbalik ng sesyon ng Senados sa ngayon buwan ng Hulyo.

Wika ng Senate President: "The Senate is committed to working diligently toward the passage of these essential measures. We aim to address critical areas that will enhance our economic framework, environmental sustainability at governance."

Ang anim na priority Ledac proposal na naka-schedule para sa plenary deliberation at final reading approval ay ang sumusunod:

- Blue Economy Act
- Enterprise-Based Education and Training Framework Act
- Amendment to the Universal Health Care Act
- Construction of the Department of Water Resources
- Open Access in Data Transmission Act
- Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises to Maximize Opportunities for Reinvigorating the Economy or CREATE MORE.

Bukod sa mga ito, idiiniin din ni Escudero na mahalaga ding maaproubahan na ang Common Legislative Agenda of LEDAC:

- Amendment to the Right-of-Way Act (Republic Act 10752)
- Investors' Lease Act (R.A. 7652)
- Comprehensive Agrarian Reform Law (R.A. 6657)

Ayon dito, makakapagkaloob ang pagpasa ng mga nabanggit na mga amendment sa nasabing mga batas ngnararapat na legal framework upang mapabilis ang mga infrastructure project ng pamahalaan at maka-attract din ng mga foreign investments na magreresulta sa mas maraming oportunidad sa trabaho atpaglago ng ating ekonomiya.

Samantala, pinunto rin nito na kailangan pa ng paglilinaw sa sumusunod na mga LEDA proposal:

- Waste-to-Energy (Senate Bill No. 2267)
- Mandatory Reserve Officers' Training Corps (SB No. 2034)
- Unified System of Separation, Retirement, and Pension of Military and Uniformed Personnel (SB No. 2501)
- E-Government Act / E-Governance Act.

***(JT Leonardo C. Santos)***

# RABIYA MATEO...

MULA SA PAHINA 1

Ani ng beauty queen-cum-actress, "it's been like two years na OK naman 'yung investment, bumabalik naman siya. However, bigla nalang naputol."

"So ako naman, kailangan natin ipagpatuloy iyong buhay. Masakit man, but there's still a lot of means for me to get my money back. So I'm still hoping and praying na sana, sana mabalik," dagdag pa nito.

Sa kabila ng mapait na karanasan, hinayag ni Rabiya na hindi ito magpapatigil sa kanya na pumasok sa pagnenegosyo. Ang totoo, may mga investment siya sa jewelry at nagpaplano ding siyang pumasok sa real estate business.

Gayun pa man, nagsisilbi pa rin umanong leksyon ang kanyang naranasan sa kamay ng kanyang itinuring na kaibigan kaya nararapat lang na mag-ingat ang lahat sa paglagak ng kanilang pinaghirapang pera sa anumang negosyo.

"We really need to be smart with our money kasi alam naman natin 'yung showbiz may on-season may off-season. So technically during my off-season, I need to do something meaningful pa rin," aniya. ***(Genesis Pedrozo)***

# Wika ng Diyos

**Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.**

**– Juan 3:16**

# IMEE TATAKBONG SENADOR, HINDI MAYOR NG MAYNILA





**SENADO, Lungsod Pasay — Nilinaw ni Senadora Maria Imelda Josefa Remedio 'Imee' Marcos na hindi siya tatakbo bilang alkalde ng Maynila sa gaganapin halalan sa susunod na taon dahil mas nais niyang magbalik sa Senado bilang reelectionist.**

Gayun man, ayon pa sa nakatatandang kapatid ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr., hindi pa niya matiyak na sa pagtakbo niyang muli bilang senador ay hahanay siya sa senatorial slate ng administrasyon para sa midterm polls.

Aniya, "I don't even know if I will be included . . . I've been seeing various slates. I think the candidates would reach 50 because there are so many of us. There's Lakas, there's PFP (Partido Federal ng Pilipinas), there's so many. That's why I am confused, but let's see, there's still more time left anyway."

Idinagdag pa nito na ang politika umano sa Pilipinas ay maaaring ihalintulad sa larong basketball kaya kailangang maghintay ng 'last two minutes' para matiyak kung ano ang magiging kaganapan.

Umugong ang mga balitang tatakbo ang senadora makaraang mapaulat na bumili ito ng ari-arian sa Maynila na pag-aari ni dating Pangulong Joseph 'Erap' Ejercito Estrada kaya nagging pananaw ng ilang mga grupo na balak nitong lumahok sa mayoralty derby ng lungsod.

Lalo pang lumaganap ang mga ugong na ito nang ikatuwiran ng ilang mga poltical analyst na ang pagtangkang makuha ng kapatid ng Pangulong Marcos ay paghahanda sakaling tumakbo namang kasunod na punong ehekutibo ng bansa si House Speaker Ferdinand Martin Romualdez, na tiyuhin ng magkapatid.

Samantala, sa paglilinaw ng senadora na hindi siya tatakbong alkalde ng Maynila, nakampante naman ang kasalukuyan ng lungsod na si Mayor Maria Sheilah 'Honey' Lacuna dahil naniniwala itong magiging matinding katunggali ang kapatid ni Pangulong Marcos Jr. ***(Noel Lontoc)***

# SINO NGA BA TALAGA SI ALICE GUO?

SANTO DOMINGO, Lungsod Quezon — Habang nagpapatuloy ang imbestigasyon ng tunay na pagkatao ng suspendidong alkalde ng Bamban, Tarlac na si Alice Guo, nagprisinta naman si senador Risa Hontiveros ng dokumento ukol sa isa pang Alice Leal Guo na isinilang noong Hulyo 12, 1986.

Nagbunsod ang nasabing dokumento na mula sa National Bureau of Investigation (NBI) ng marami pang katanungan at pagkalito na rin ng mga kasamang senador ni Hontiveros sa pagdinig ng kaso ng sinalakay na Philippine offshore gaming operator (POGO) hub sa munisipalidad ng Bamban na kung saa'y inuugnay si Guo sa iligal na operasyon nito.

Punto ng senadora: "Same ang birthday sa birth certificate ni Alice Leal Guo na tumakbong mayor. Pareho ang spelling ng pangalan, pero iba-iba ang mukha."

Dagdag pa nito: "Is it a coincidence na may dalawang Alice Leal Guo na pinanganak on July 12, 1986, sa Tarlac? Is it a coincidence that this NBI clearance was applied for just a few days before the date of filing of the delayed registration of birth of the other Alice Leal Guo in Tarlac City? Or is this a case of stolen identity?"

Nagtatakang pahayag ni Hontiveros na nagawa nga kaya ni Guo Hua Ping na kunin ang pagkilanlan ng isang Filipina saka makalipas ang isang dekada ay tumakbo sa halalan? "Sino po ang babaeng ito na may pangalang Alice Leal Guo pero hindi kamukha ni Mayor? Nasaan na po siya ngayon?" mga katanungang ibinato nito.

Dating sinabi ni senator Sherwin Gatchalian na maaaring ang tunay na pangalan ni Guo ay Guo Hua Ping at maaari ding nakapasok siya sa bansa noong Enero 2003 noong 13-taong-gulang pa lang siya, batay sa mga dokumentong hawak ng senador. ***(sundan sa pahina 3)***

Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com